# Kapag nailagay [sa langkayan] ang ililibing at pumasan nito ang mga lalaki sa mga balikat nila saka kung ito ay naging maayos, magsasabi ito: 'Magsulong kayo sa akin.'

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Kapag nailagay [sa langkayan] ang ililibing at pumasan nito ang mga lalaki sa mga balikat nila saka kung ito ay naging maayos, magsasabi ito: 'Magsulong kayo sa akin.' Kung ito naman ay naging hindi maayos, magsasabi ito: 'Kapighatian dito! Saan sila magdadala nito?' Nakaririnig ng tinig nito ang bawat bagay maliban sa tao; at kung sakaling nakarinig siya nito, hinimatay sana siya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na kapag nailagay sa langkayan ang ililibing at pumasan nito ang mga lalaki sa mga balikat nila saka kung ito ay naging maayos, magsasabi ito: "Magsulong kayo sa akin." Ito ay dahil sa kinikinita nito sa harapan nito na kaginhawahan. Kung ito naman ay naging hindi maayos, sisigaw ito sa isang tinig na nakasasama: "O kapahamakan nito! Saan sila magdadala nito?" Ito ay dahil sa kinikinita nito sa harapan nito na pagdurusa. Nakaririnig ng tinig nito ang bawat bagay maliban sa tao; at kung sakaling nakarinig siya nito, talagang nawala sana sa kanya ang ulirat dahil sa tindi ng naririnig niya.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee